Kakaibang Edukasyon ng mga Paaralang Maglalaan ng mga Slots
para sa mga Dayuhang Mag-aaral, sa Taong 2022

○

○ Hyogo Prefectural Kakogawa Minami Senior High School

| Layunin ng Edukasyon | Katangian ng Kurikulum |
|---|---|
| Bilang isang Senior High School base sa komprehensibong kurso, iminumulat sa mga mag-aaral na matuto ng "kakayahan upang mamuhay", hindi mapupuspos sa pagbabago ng lipunan at kayang makitungo nang matapang at angkop sa iba't ibang suliranin na haharapin ng isa't isa, at huhubuging maging isang taong marunong tumayo sa sariling paa na may malaking pangarap at mataas na hangad bilang isang miyembro ng lipunan at isang manggagawa. Para sa layuning ito, tutugunan ng paaralang ito ang iba't ibang landas sa susundin sa hinaharap ng mga mag-aaral para sa pagpapatupad ng kanilang pangarap, sa pamamagitan ng pagturo sa kanila na mag-isip ng sarili sa lahat ng klase, sa mga aktibidad na makakapagbigay ng karanasan na makipagtulungan sa mga kapwa mag-aaral at mga tao ng bayan, at sa pag-aaral. | Ginagawa ng paaralan ang lahat upang suportahan ang mga mag-aaral upang matupad ang unang nais sundin na landas sa hinaharap ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng nakakahikayat na kurikulum na angkop sa katangian ng bawat isa at sistema ng maingat na pagtuturo ng mga guro sa bawat isa. Sa panig naman ng pag-aaral, nakahanda ang mga 120 napipiling subject na naaangkop sa nais na sunding landas sa hinaharap at hilig o interes, at pahuhusayin ang batayang kakayahan sa Math, English at napipiling mga subject sa mga klase na kaunting bilang ng mag-aaral. Nakahanda rin ang mga pagkakataon na makapag-aral sa sarili sa pamamagitan ng mga aktibidad na makakapagbigay karanasan tulad ng internship at boluntaryong mga aktibidad, at mga klase kung saan nagagamit ang tanging kaalaman at karunungan ng mga espesyal na part-time na mga guro. |